# SA AKING PAGBUKLAT SA MGA MAKABAGONG PAHINA

*Sa paglaganap ng e-books, maituturing ko pa bang mahalagang bahagi ng edukasyon ang mga nakalimbag na aklat?*

Ako. Grade 5 ako noon, wala akong *locker* kaya naman palagi kong dala ang mga mabibigat kong libro. Mga limang libro ang nasa malaki kong *bag pack* pagkatapos ay  mayroon pa akong tatlong libro na nasa aking *paper bag*. Halos mapunit na nga ang ilalim ng *paper bag* na iyon at ang mga taling hawakan ay unti-unti nang nangangalas dito. Para daw pasan at bitbit ko ang daigdig sabi ng aking mga kaklase. Pero alam kong hindi ako nag-iisa noon sapagkat marami din akong mga batang nakikita na biyabiyabit ang kanilang mga mabibigat na libro...

Libro. Makapal o manipis, *hardbound* o *paperback*, luma o bago, anu mang hitsura niyan ay hindi maipapantay sa kanyang dala-dalang karunungan. Sa mga lumipas na panahon ay nag-iba na ang kaniyang mga bihis at anyo ngunit ang kaniyang hangaring lamanan ang utak ng bawat tao ay hindi nagbago. Naging pundasyon siya nang pag-angat ng napakaraming indibidwal na naghangad baguhin ang mundo. Pinag-ugatan din siya ng samu't saring ideolohiya at kaisipan na nagpatakbo sa pag-iisip ng tao. At dito'y nagpasalinsalin ang mga ideya na ang iba ay lubos na tinanggap at ang iba'y binigyang kritisismo. Sa paglawak din ng imahinasyon ng mga tao ay pinagdaluyan siya ng mga kuwento na tinangkilik ng nakararami kung saan mas marami pa ang nabigyang inspirasyon upang magbahagi din ng kanilang mga istorya. Sinalamin niya kung papaanong ang isang partikular na tao ay namumuhay sa

kaniyang kinagisnang lipunan. At sa lahat ng ito ay napatunayang ang libro ay isa sa mga naging susi upang bigyan ng malaki man o maliit na edukasyon ang lahat ng tao.

Ako. Third year ako noon, hindi ko inaasahan na ako'y magiging isang *certified bookworm.* Ewan ko lang kung dapat ko ba iyong ipagmalaki kasi hindi naman ako binabayaran o kaya naman sumisikat sa pagbabasa ng libro. Subalit pumasok sa isipan ko na lamapas sa pagkakaroon ng pera o pagsikat ang naidudulot noon. Mas maaayos na marka ang aking nakukuha sa mga pagsusulit o proyekto sa pagbasa at maging sa pagsulat. Tumaas pa lalo ang aking komprehensyon kung kaya naman mas mabilis kong naisasaisip ang mga takdang araling nangangailangan ng pagbabasa. At dahilan sa pagkabagot ko minsan sapagkat wala na akong mabasa ay napipilitan na rin akong mag-*advance study* sa aking mga asignatura. Ngunit isang araw ay mapapawi lahat ito sa pagdating ng isang katunggali...

Libro. Sa pag-usad ng mga panahon ay kung anu-ano ng hitsura ng libro ang natunghayan ng mga tao. Noon pa man ay gumagamit na ang mga tao ng instrumento tulad ng *scrolls* upang lagyan ng impormasyon. Pero siyempre isipin mo nga naman kung hanggang ngayon ay *scrolls* pa rin ang gamit, hindi ba napakahirap maghanap ng impormasyon sa napakahahabang papel na nirolyo? Kaya siguro naka-isip ang tao na gumawa ng mga *codex*, iyan yung ninuno ng mga libro ngayon, kung saan ay pina-igsi na 'yung mga *scrolls,* dinikit ang mga tabihan at nilagyan ng pabalat na kahoy. At doon na nagpatuloy-tuloy ang pagbabagong bihis pa ng mga libro. Nagsilabasan na ang mga *paperback* na libro para sa mga taong gustong mabitbit ang kanilang mga libro kung saan-saan at siyempre mas magaan. At sa samu't saring inobasyong dinala ng teknolohiya ay napasama na rin ang mga libro. Nagkaroon na ng mga *eBook* o yung

mga libro na pwedeng basahin sa *computer*, *Kindle*, at maging *cellphone*. Nakukuha o nabibili ito sa internet at pwedeng i-*download* kung kaya naman mas maalwan itong dalhin.

Ako. Malapit na akong magkolehiyo at mistulang nakakalimutan ko na ang aking mga kaibigang libro. Dahilan sa pagkakaroon namin ng *internet connection* sa bahay ay hindi ko na kailangan pang magpunta sa mga *computer shops* para gumamit ng internet. Kaya naman mas napagtuunan ko na ng pansin ang pag-iinternet, kakaunting oras na lamang ang nailalaan ko sa pgababasa ng mga libro. Maging ang mga takdang aralin at mga proyektong may kinalaman sa pananaliksik ay iniaasa ko na lamang sa internet sapagkat mas mabilis kong nakukuha ang mga kailangan kong impormasyon sa isang *click* lamang sa '*search*' *button*. Subalit naisip ko na hindi ko pa rin naman kinakalimutan ang mga libro sapagkat gumagamit din naman ako ng mga *eBook* o mga librong *softcopy* na pedeng mai-*download* o mabili sa internet.

Habang aking isinusulat ang sanaysay na ito ay nananariwa sa aking isipan ang malaking bahaging ginampanan ng mga nakalimbag na libro upang ako ay mahubog bilang isang edukadong indibidwal. Sa panahon ngayon, kung saan kaliwa't kanan na ang inobasyong dinadala ng teknolohiya, ay hindi maikakailang lubhang naapektuhan na rin nito ang edukasyon.

Kamakailan nga lamang ay aking napanood sa telebisyon ang balita ukol sa isang paaralan na pinapagamit ang kanilang mga estudyante ng mga *tablet PC*. At dito'y naka-upload ang mga eBook na nagsisilbing mga *textbook* o *workbook* nila.

Masasabi kong napakasusuwerte ng mga estudyanteng nakakaranas ng ganitong sistema sapagkat hindi na sila magpapakahirap pang magdala ng mga mabibigat na libro tulad noong ako'y Grade 5.

Para sa akin, mas maalwan man para sa mga mag-aaral at maging sa akin ang pagkakaroon ng mga *eBooks* ay hinding-hindi ko kakalimutan ang mga nakalimbag na libro, sapagkat ako ay naniniwalang ang mga ito ang pinakamahalagang bahagi ng edukasyon, edukasyon mang naggaganap sa loob ng isang silid-aralan o maging sa simpleng edukasyon na makukuha sa iba't ibang mga kuwento at nobela. Maituturing kong isang paraan lamang ang mga eBooks upang mas mapadali ang pag-*access* sa mga nakalimbag na libro.

Tandaang sa salitang *eBook* ay nakakabit pa rin ang salitang '*book'*.